



## Tanggapan ng Ombudsman sa Kalusugan

Ang Tanggapan ng Ombudsman sa Kalusugan ang ahensiya ng mga hinaing sa serbisyo sa kalusugan sa Queensland. Kami ay independiyenteng awtoridad sa batas at ang dapat ninyong puntahan kung may hinaing kayo tungkol sa tagapagtaguyod ng serbisyong pangkalusugan sa Queensland.

### Ang aming pananaw

- Maging pundasyon ng isang may pananagutan, patas, at maaninag o transparent na sistema para harapin nang mabisa at mabilis ang mga hinaing at iba pang mga usapin sa pangangalaga sa kalusugan sa Queensland.

### Ang aming pinahahalagahan

- Naniniwala kami na ang kalusugan at kaligtasan ng publiko ang siyang pinakamahalaga sa lahat.
- Kumikilos kami nang malaya, walang kinikilingan at para sa kagalingan ng publiko.
- Pinakikitunguhan namin ang mga tao nang patas at pantay-pantay.
- Tumutugon kami sa mga hinaing sa madaling panahon. Kung hindi kami makatutulong, ipaliliwanag namin kung bakit at, kung maaari, magmumungkahi kami ng iba pang mapagpipilian.
- Kami ay lumilikha ng mga napapanahon at mataas na kalidad na trabaho.
- Pinauunlad namin ang aming kakayahan at gumagamit ng makabagong proseso upang mapabuti ang aming serbisyo.

### Ang aming pangako

Kami ay nangangakong magbigay ng mataas na kalidad ng paghawak ng mga hinaing, pagresolba sa pagtatalo, pagkakasundo at pagsisiyasat sa Queensland. Sa pagtupad nito, kami ay kikilos nang patas, malaya at nang walang kinikilingan; gagawa ng mga may-kamalayang pasiya at magbibigay ng tamang payo sa mga nagrereklamo, mga tagapagtaguyod ng serbisyo sa kalusugan at iba pang mga stakeholder.

### Ang aming papel

- Pangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng publiko.
- Itaguyod ang propesyonal, ligtas at mahusay na paggawi ng mga propesyonal sa kalusugan.
- Itaguyod ang mataas na pamantayan sa paghahatid ng serbisyo ng mga organisasyon ng serbisyo sa kalusugan.
- Panatilihin ang kumpiyansa ng publiko sa pamamahala sa mga hinaing sa kalusugan at iba pang mga bagay na may kaugnayan sa pagkakaloob ng mga serbisyong pangkalusugan.

### Ang aming mga tungkulin

- Tanggapin at siyasatin ang mga hinaing tungkol sa mga serbisyong pangkalusugan at mga tagapagtaguyod ng serbisyo sa kalusugan, kabilang ang rehistrado at hindi rehistradong mga propesyonal sa kalusugan.
- Magpasya kung anong hakbang ang gagawin kaugnay ng mga hinaing na ito at, sa ilang mga pagkakataon, magsagawa ng agarang hakbang upang pangalagaan ang kaligtasan ng publiko.
- Subaybayan ang kalusugan, pag-uugali at pagganap sa tungkulin ng Australian Health Practitioner Regulation Agency at mga pambansang lupon ng mga nangangalaga sa kalusugan.
- Magbigay ng impormasyon tungkol sa pagbabawas at pagtugon sa mga hinaing sa serbisyo sa kalusugan.
- Magbigay ng pampublikong ulat tungkol sa pagganap ng aming mga tungkulin.

### Karagdagang impormasyon

Bumisita sa [www.oho.qld.gov.au](http://www.oho.qld.gov.au)  
Email: [info@oho.qld.gov.au](mailto:info@oho.qld.gov.au)  
Tumawag sa: 133 OHO (133 646)  
Sumulat sa: PO Box 13281 George Street  
Brisbane Qld 4003